


**Pangalan:** ________________________________________

# GAWAING PAMPAGKATUTO

## EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO

**Unang Baitang**

**Ikalawang Markahan**

**Panuto: Basahin at unawain ang bawat tanong. Itiman ng bilog ang tamang sagot sa sagutang papel.**

1. Paano mo maipapakita ang pagmamahal mo sa iyong mga magulang?
   A. Bigyan sila ng regalo.
   B. Magdadabog kapag inuutusan.
   C. Huwag sundin ang utos nila.
2. Tukuyin ang mabuting paraan ng pakikitungo sa kasambahay?
   A. alipustahin sila
   B. bastusin sila
   C. Igalang at mahalin
3. Maysakit ang iyong Nanay, hindi nya na kayang tumayo upang kumain, ano ang gagawin mo?
   A. Balewalain si Nanay
   B. Maglaro at mag-ingay sa tabi ni Nanay
   C. Pakainin at painumin ng gamot si Nanay.
4. Dumating si Lolo at Lola galing sa probinsya, ano ang gagawin mo?
   A. Hindi ko sila papansinin
   B. Magkunwari na hindi ko sila nakita.
   C. Magmamano ako sa kanila.
5. Nabasag mo ang plorera, pagdating ni Nanay nagtatanung siya kung sino ang nakabasag nito,ano ang gagawin mo?
   A. Aminin at humingi ng paumanhin kay Nanay.
   B. Magkunwaring hindi narinig ang tanong ni Nanay.
   C. Magsinungaling kay Nanay na hindi ikaw ang nakabasag.
6. Niyaya ka ng iyong kaklase na gumala pagkatapos ng klase, pag-uwi mo tinanung ka ng iyong Tatay kong saan ka galing, ano ang sasabihin mo?
   A. Sabihin kay Tatay na galing ka sa bahay ng Lola mo.
   B. Sabihin kay Tatay na pinaglinis ka ng guro mo
   C. Sabihin kay Tatay ang totoo na gumala kayo ng kaklase mo.
7. Paano tayo dapat makikipag-usap sa mga nakakatanda sa atin?
   A. Gumamit ng “po” at “opo”.
   B. Makipag-usap ng walang galang.
   C. Sumagot ng pasigaw.

LIVEWORKSHEETS

8. Binigyan ka ng regalo ng iyong lola sa iyong kaarawan, ano ang sasabihin mo?

A. Ayoko ko nyan!

B. Lola, bakit mo pa ako binigyan ng regalo?

C. Salamat po lola!

9. Nawawala ang pera ng Ate mo, nakita mo ito sa ilalim ng kama,ano ang sasabihin mo?

A. Ate,hindi ko po nakita ang pera mo.

B. Ate, baka nilipad ng hangin sa labas

C. Ate,Nakita ko po ang pera nyo sa ilalim ng kama

10. Kaarawan ng iyong Nanay. Paano mo maipapakita ang pagmamahal mo sa kanya?

A. Batiin at halikan si nanay.

B. Ikaw ang humingi ng regalo sa knya.

C. Palutuin at paghandain si nanay ng baon mo.

11. Tukuyin sa larawan ang wastong paraan ng pakikitungo sa mga kasambahay?

A.  B.  C. 

12. Alin sa mga larawan ang nagpapakita ng pagmamahal sa kaklase?

A.  B.  C. 

13. Nalaglag ang lapis mo, at napunta ito sa ilalim ng upuan ng kaklase ano ang sasabihin mo?

A. Akin na ang lapis ko.

B. Pakiabot nga po ang lapis ko!

C. Nalaglag ang lapis ko, pulutin mo nga!

14. Pinahiram ka ng lapis ng kaklase mo, ano ang sasabihin mo?

A. Hindi maganda ang sulat lapis mo.

B. Maraming salamat po.

C. Sa susunod hindi na ako manghihiram ng lapis mo.

15. Dumating ang tatay mo galing trabaho, ano ang gagawin mo?

A. Humingi ng pera kay Tatay

B. Huwag pansinin si Tatay

C. Magmano at halikan si Tatay

LIVEWORKSHEETS

16. Naglalaro si Carl ng computer imbis na nag-aaral. Nang tanungin siya ng kanyang Nanay kung ano ang kanyang ginagawa, sabi nya siya ay nag-aaral, tama ba ang kanyang ginawa? Bakit?

   A. Opo, para hindi siya mapagalitan ng kanyang nanay.
   B. Hindi po, dahin hindi siya nagsasabi ng totoo.
   C. Opo,para pagagamitin pa siya ng computer.

17. Walang tao sa silid-aralan, nakita ni Mica na bukas ang bag ng kanyang kaklase at nakita niya ang mamahaling gamit nito, kinuha ito ni Mica at ginamit ,tama ba ang kanyang ginawa?

   A. Mali, dahil masama ang nagunguha ng gamit ng iba.
   B. Tama, dahil wala naming nakakita na iba.
   C. Tama, dahil kaklase ko naman siya.

18. Araw ng sabado niyaya ka ng kapitbahay mong pumunta sa bahay nila upang maglaro, ngunit ang sinabi mo sa nanay mo na gagawa kayo ng takdang aralin sa bahay ng kaklase mo, tama ba ang ginawa mo?

   A. Opo, upang payagan ka nang nanay mo.
   B. Opo, dahil araw naman ng sabado.
   C. Hindi, dahil masama ang nagsisinungaling

19. Alin sa mga sumusunod na larawan ang nagpapakita ng pagmamahal at paggalang sa magulang?

A.  B.  C. 

20. May sakit ang inyong kasambahay kung kaya't hindi niya kayang gumawa ng mga gawaing bahay, ano ang gagawin mo?

   A. Ako muna ang gagawa ng mga gawaing bahay na kaya
   B. Pilitin ko siya na gumawa ng mga gawaing bahay.
   C. Sabihan na tamad ang kasambahay.

21. Nadapa ang iyong kaklase, ano ang gagawin mo?

   A. Pagtatawanan ko siya.
   B. Tutulungan ko siyang tumayo.
   C. Magkunwari na wala akong nakita.

LIVEWORKSHEETS

22. Gusto mong ipaabot ang kanin na malayo sayo, ano ang sasabihin mo?
   A. Iabot mo nga sa akin ang kanin.
   B. Pakiabot nga po ang kanin.
   C. Hoy! Iabot mo nga sa akin ang kanin.

23. Nasira mo ang aklat ng kaklase mo, ano ang gagawin mo?
   A. Hindi ako hihingi ng pasensya sa kanya.
   B. Awayin ko pa ang kaklase ko para matakot sa akin.
   C. Hihingi ako ng pasensya sa kaklase ko.

24. Alin sa sumusunod ay nagpapakita ng pagmamahal sa pamilya?
   A. Nag-aaway ang mag-asawa.
   B. Nag-iingitan ang magkapatid.
   C. Nagbibigayan at nag-uunawaan ang magpamilya.

25. Paano mo maipapakita ang paggalang sa nakakatanda?
   A. Nagdadababog kapag inuutusan.
   B. Sagutin ng pasigaw ang nakakatanda.
   C. Sumasagot ako ng "po at "opo".

26. Nagkaroon kayo ng pagsusulit sa paaralan, nakita ng Nanay mo na mababa ang iyong iskor. Nang tanungin ka kung ano ang iyong ginawa sa paaralan sinabi mo na:
   A. Hindi po ako nakikinig ng mabuti.
   B. Nakikinig po ako sa aking guro.
   C. Tinatapos ko po ang mga agwain sa paaralan.

27. May tindahan kayo ng prutas, isang araw nakita mong tinatanggal ng iyong ama ang bulok na prutas, ano ang gagawin mo?
   A. Tutulungan ko siya
   B. Hahayaan ko siya.
   C. Pipigilan ko siya.

LIVEWORKSHEETS

28. Ano ang dapat mong gawin kapag may taong nagsasalita?

    A. Makinig sa nagsasalita.

    B. Patigilin ang nagsasalita

    C. Talikuran ang kausap habang nagsasalita.

29. Nakita mong nasugatan ang kamag-aral mo, ano ang gagawin mo?

    A. Papabayaan ko siya.

    B. Pagtawanan ko siya.

    C. Sasabihin ko kay guro na nasugatan ang kamag-aral ko.

30. Nahuli ka sa paguwi sa itinakdang oras ng Nanay mo dahil pumunta ka sa computer shop, ano ang sasabihin mo sa Nanay mo?

    A. Hindi ko sasabihin na galing akong computer shop.

    B. Sasabihin ko na pinaglinis ako ng guro ko.

    C. Sasabihin ko ang totoo sa Nanay ko.

LIVEWORKSHEETS